Habang ang isang lalaki ay naglalakad sa isang sakahan na lupa

Ayon kay Abe Hurayrah buhat kay propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: "Habang ang isang lalaki ay naglalakad sa isang sakahan na lupa,nakarinig ito ng boses sa mga ulap;Tubigan ang harden ni pulano,gumalaw doon ang mga ulap,at ibinuhus ang tubig nito sa lupang may mga batong itim na parang nasunog,kung kayat dito ay may daluyan ng tubig mula sa mga daluyan at hinihigop ang lahat ng tubig nito,sinundan niya ang agos ng tubig,kung kayat nakita niya ang lalaking nakatayo sa harden niya at linilipat niya ang tubig sa kanyang lupain gamit ang kanyang tabo,nagsabi siya sa kanya:O alipin ni Allah anu ang pangalan mo?,sinabi niya: ako si pulano,sa pangalan na narinig niya sa ulap,nagsabi siya:O alipin ni Allah, bakit mo naitanong ang pangalan ko?Sinabi niya: Na narinig ko ang isang boses mula sa ulap na sa kanya ang tubig na ito,Sinabi niya:tubigan ang harden ni pulano sa iyong pangalan,anu ba ang ginawa mo dito?,nagsabi siya:patungkol sa sinabi mong iyan,tinitingnan ko ang naaani dito,nagkakawang-gawa ako sa ikatlong bahagi nito,at kinakain ko at ang pamilya ko ang ikatlong bahagi nito,at ibinabalik ko dito ang ikatlong bahagi nito.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Habang ang isang lalaki ay naglalakad sa desyerto na malawak na lupain,nakarinig siya ng boses sa kaulapan nagsasabi:Tubigan ang harden ni pulano,nagpakalayo ang mga ulap sa nain na puntahan nito,at ibinuhus nito ang tubig sa lupain na may mga batong itim,at doon ay mayroon daluyan ng tubig mula sa mga daluyan nito na hinihigop ang lahat ng tubig nito,sinundan ng lalaki ang tubig,natagpuan nito ang isang lalaking nakatindig sa kanyang harden na inililipat ang tubig mula sa isang lugar patungo sa kabilang lugar sa kanyang harden gamit ang tabo,At sinabi sa kanya:O alipin ni Allah anu ang pangalan mo?,sinabi niya:Ako si pulano,sa pangalan na narinig niya sa ulap,nagsabi siya:O alipin ni Allah, bakit mo naitanong ang pangalan ko?Sinabi niya;Narinig ko ang isang boses mula sa ulap na sa kanya ang tubig na ito,Sinabi niya:tubigan ang harden ni pulano sa iyong pangalan,anu ba ang ginawa mo sa harden mo na mga kabutihan upang maging karapatdapat ka sa ganitong biyaya-nagsabi siya:patungkol sa sinabi mong iyan,tinitingnan ko ang naaani sa pagtatanim ko sa harden at ang bunga nito,at nagbibigay ako ng kawang-gawa sa tatlong bahagi nito,at kinakain ko at ng pamilya ko ang tatlong bahagi nito,at ginagastos ko sa harden sa pagtatanim at pamamahala ang tatlong bahagi nito.